

1

Napabalikwas ng bangon si Ella mula sa kama dahil sa malakas na pukpukan sa labas ng kanilang bahay. Binuksan niya ang bintana at nakita ang pinagmumulan ng ingay. Sa green house—ang bahay na may mataas na kulay berdeng bakod. Katapat iyon ng bahay nila, at ang lawak ay katumbas yata ng limang lote sa kanilang lugar.

Mabilis na nagbihis si Ella, nag-aalala sa pagdating ng kolektor. Pagbaba ng dalaga ay nakita niya si Joaquin na naglilinis na ng beauty parlor.

“Hoy, Joan, kelan ba uuwi si Mama?” tanong niya. Nagtungo siya sa kusina para magtimpla ng kape.

“Ay naku, ’Te, tatlong araw daw siya sa Laguna,” sagot ni Joaquin a.k.a. Joan habang winawalisan ang sahig. “Meeting daw ’yun ng mga opisyaes ng barangay.”

Lumapit si Ella sa kaha, hinila at itinaktak iyon ng ilang beses.

“Sinasabi ko sa ’yo, ’Te, kinuha ng nanay mo ang laman niyan. ’Yun daw ang baon nila ni Robin.”

Inis na inis si Ella sa nanay niya. Kulang tuloy ang pambayad niya ng renta ng salon-cum-apartment nila. Ang bayad lang ng dalawa nilang boarders ang hawak niya. Ang ipon niya galing sa scholarship allowance ay ayaw niyang bawasan. Ipantutustos niya iyon sa sarili habang naghahanap ng trabaho. Magdadalawang buwan na siyang graduate sa kolehiyo.

Wala sana silang problema sa gastusin kung magsisipag lang si Carla—ang nanay niya—kaso lagi itong kasama ng mas batang nobyo na si Robin. Ang tatlong computers naman na inilagay sa maliit na computer shop ni Ella sa isang sulok ng parlor ay mahina na ang kita.

Hawak ang walang lamang kaha, napatingin na lang si Ella sa green house.

“Kain nang kain, Ella. Magpataba ka. Baka sabihin ng ina-apply-an mo, may sakit ka,” anang Tita Fe niya. Inilagay nito ang piniritong itlog sa pinggan ng dalaga at dinagdagan ang sinangag na naroon. Pagkuwa’y ang tinimplang malamig na *Milo* ang iniabot nito.

“Akala ko, Tita Fe, dahil graduate na ako, matitigil

na ang paghingi ko ng tulong sa 'yo."

Napangiti ang kapitbahay. "Ganyan talaga kapag nagsisimula. Pasasaan ba't magkakaroon ka rin ng trabaho. Baka nga dumating ang araw, ikaw na ang magpahiram sa akin."

"Ay! Mukhang hindi mangyayari 'yan," bulalas niya.

Natawa ang caretaker ng green house. Nasubaybayan nito ang paglaki niya at pati na ang dinanas niyang hirap nang magkahiwalay ang kanyang mga magulang.

"Salamat, Tita. Busog na ako, solved pa ang problema ko sa upa."

"Walang anuman. Bayaran mo agad ako dahil kinuha ko 'yan sa budget ng renovation."

Biglang naalarma si Ella. "Bakit ka pala nagpaparenovate?"

"Darating 'yung mag-anak. Pinapa-soundproof ang second floor. 'Yung ingay kasi dito sa kalsada ay umaakyat sa itaas. 'Tapos 'yung kuwarto ni Tony, binabago. Hindi na bagay sa kanya 'yung kuwarto niyang pang-teenager, di ba? May kasama din daw silang Puti, kaya pati ang guestroom, pinagaganda."

“Puti? Ano ’yun, babae o lalaki?” gustong malaman ni Ella.

Kahit anupaman, lubhang nabahala ang dalaga. Napatingin siya sa litrato ng pamilyang nagmamay-ari ng green house. Nakasabit iyon sa dingding malapit sa itaas ng TV.

Nahalata ng kausap ang bigla niyang pananahimik.

“Ella, okay ka ba? Hindi ba maganda na pagkatapos ng limang taon, magkakaroon ulit ng ingay diyan sa itaas?” may pag-aalangang tanong ng babae pagkuwa’y ngumiti. “Ayaw mo n’un, madadagdagan ang mababait na kapitbahay mo?”

Napabuntong-hininga siya. “Dati iyon, Tita Fe. At baka nga galit pa sila sa akin.”

Nasa grade six si Ella nang makatanggap ang inang si Carla ng malaking halaga galing sa asawang seaman, si Melo—ang tatay niya. Iyon na umano ang huling padala nito ayon sa sulat. Nalaman na lang nilang tumigil na ito sa pagsi-seaman at nagtayo na ng negosyo sa Mindoro.

“Kalimutan mo na ang tatay mo. Hindi ka na mahal n’un,” turan ng ina nang magtanong siya noon.

Nasaktan nang husto si Ella sa ginawa ng ama. Hindi man lang ito nakipag-usap o nagpaalam sa kanya. Si Carla naman ay hindi man lang hinanap ang asawa para suyuing bumalik. Patuloy lang itong namuhay.

Wala pang anim na buwan, makalipas iyon ay nabigla si Ella nang madatnang nagkakape sa parlor ang isang matandang lalaki.

“Eto si Daddy Juancho mo,” pakilala ng ina sa lalaki. Itinuring siyang parang tunay na anak ng mabait na biyudo kaya nalusaw agad ang pagkabahala ni Ella. Makalipas ang isang taon, hindi na niya ito nakita.

Ang sinabi ni Joan, hindi raw maligaya ang noon ay thirty-three year old niyang ina sa matandang lalaki.

“Masanay ka nang maging ‘goodbye girl’ dahil ang nanay mo, hindi malaman kung ano ang gusto sa buhay,” payo ng baklita nang minsang maglabas siya rito ng hinaing.

Matanda si Joan sa kanya ng dalawang taon, pero pareho lang sila ng antas sa paaralan. Late daw kasi itong nakapag-aral.

Makalipas ang ilang buwan, isang Mando naman

ang nagkakape sa parlor. Pulis ito sa isang malapit na detachment unit. Hiwalay raw ito sa asawa. Raw, kasi hindi sigurado sina Fe at Joan kung totoo ang sinabi ng pulis.

Nangilabot si Ella nang ipakilala sa kanya si Mando. Mula ulo hanggang paa ay hinagod siya ng tingin nito. Pagkatapos ay ibinalik nito ang paningin sa kanyang dibdib. Nagdadalaga na siya noon. Ang dating maluluwag na pang-itaas ay unti-unti nang pumuputok sa paglusog ng kanyang dibdib.

Hindi nakapagtataka kung mapansin ni Mando ang dalaga. Minana niya ang ganda ng mukha at katawan ng ina. Morena ang balat, mahahaba ang binti, at balingkinitan ang katawan niya. Mapungay ang mga mata, maitim ang paarkong mga kilay at ang hugis ng mukha ay binabagayan ng kahit na anong gupit ng buhok. Pero ang pinakapansinin kay Ella ay ang mga labing mapang-akit.

Hindi nahalata o sadyang hindi pinansin ng inang si Carla ang pagnanasa ng nobyo nito para sa kanya.

Nang malaman iyon ni Fe ay matapang nitong pinagsabihan ang nanay niya. "Huwag na huwag mong patutulugin sa bahay ninyo si Mando."

The Goodbye Girl - Lea Pearl

Sinagot ito nang napakatalim ni Carla. “Huwag mong pakialaman ang buhay namin! Hindi mo anak si Ella.” Marami pa itong idinugtong na hindi na lang pinansin ng butihing kapitbahay.

“Bongga ang eksena! Award winning!” komento ni Joan nang magkuwento sa kanya. “Ang nanay mo, overacting, parang si Ate Vi. Si Tita Fe, underacting, parang si Ate Guy.”

Minsan ay nasabi ni Joan kay Ella, “Sister, ang dapat mo yatang naging nanay ay si Fe. Kasi itong nanay mo, ikaw pa ang nag-aalaga.”

“Kaya nga tulungan mo na lang akong palakihin siya,” sang-ayon niya.

“Yes, Sister,” pangako ng kaibigan.

Ramdam nito ang lumalalim na hinanakit at galit ni Ella sa ina.

2

Kada limang taon yata ay nagbabakasyon ang mag-anak sa green house. Nasasabik siyang makitang muli ang mag-anak, lalo na si Tony na parang ‘kuya’ niya. Anim na taon ang agwat ng edad nila. Nag-iisang anak ito ng mag-asawang Anton at Cecille. Wala pa siyang doce nang huli silang magkita.

Ngayon ay sixteen na siya at magtatapos na sa high school. Nag-aabang siya sa pagdating ng mga ito sa harap ng kanilang inuupahang apartment. Naroon din ang inang si Carla. Nakabantay rin si Mando na kasalukuyang kinakasama nito.

Pagparada ng airport van sa gate, lumabas ang isang matangkad na lalaki. Kinamayan ng bagong dating si Mando matapos itong maipakilala ni Carla at tinapik sa balikat ang huli. Tumigil naman ang matanda sa harap niya at malugod siyang nginitian bago siya niyakap.

“You’ve grown up into a beautiful young lady, Ella.” saad nito.

Ngumiti siya sa ama ni Tony. “Salamat po, Tito Anton.”

The Goodbye Girl - Lea Pearl

Mula sa sasakyan ay lumabas din ang mag-ina. Payat at namumutla si Cecille. Si Tony ay seryoso ang mukha. Hindi ito kababakasan ng ngiti hanggang sa madapo ang tingin nito sa kanya.

Nagtama ang kanilang paningin. Nakita niya ang masusi nitong pagmamasid sa kabuuan niya. Ramdam niya ang pagkabog ng dibdib dahil doon. Namuo sa puso niya ang bagong damdamin na hindi pa niya naramdaman kahit kailan. Pakiramdam niya ay hindi siya makahinga sa mahiwagang pakiramdam na iyon.

Kung dati ay walang pag-aalinlangan kung yakapin niya si Tony, ngayon ay parang nilukuban siya ng hiya. Ibang Tony na ang natatanaw niya, hindi na ito ang dating pilyong kalaro na hinahalikan niya.

Isa na itong ganap na lalaki na puwede niyang mahalín.

Sa eskuwelahan, binati agad ni Mark si Ella. Si Mark ang best friend niya.

“Carmela Santos, mukhang super saya ka ngayon, ah.”

Bigla siyang nailing kaya nagpalusot siya.

“Marami kasing pasalubong sa akin si Tita Cecille. Kaya siyempre, masaya ako.”

“Hindi ’yun, eh. Mukha ka kasing in love. Huwag lang kay Junior, ha?” tukoy nito kay Tony.

Namula si Ella. Love ba ang nararamdaman niya para sa kababata?

“Hindi, ah. At saka huwag mo nga akong itinutukso sa mayabang na ’yon.”

“Tinitingnan ko lang kung ano’ng status ko sa ’yo.”

“Status ka diyan. Sa sobrang pangbabakod mo, wala nang makaporma sa akin.”

“Ayaw mo n’un, may private bodyguard ka?”

Babatukan niya sana ang kaklase pero nakatakbo na ito kaya hinabol na lang niya ito sa pasilyo ng classroom building.

Pagkatapos ng klase, dumerecho si Ella sa green house. Nadatnan niyang nagme-merienda ang magina sa living room. Kagigising lang umano ng mga ito. May jet lag pa marahil mula sa may sixteen hours na biyahe mula sa Amerika.

Tumayo si Tony, akmang lalapitan siya. Ayaw

niya itong tingnan, kumakabog na naman ang dibdib niya.

“K’ain tayo, Ella.” Inakbayan siya nito.

Napansin niyang namumula ang pisngi ng binata. Inisip na lang niyang dahil iyon sa init ng panahon sa Manila. Nasanay na siguro ito sa malamig na klima.

Inalalayan siya ni Tony para maupo. Ipinagsalin siya nito ng orange juice at hinainan ng paborito nilang bibingka. Napansin ni Ella ang matamlay na mukha ni Mrs. Cecille Verdado pero naduwag siyang tanungin ang ginang kung ano ang problema. Gayunpaman, napakaganda pa rin nito. Parang bulak ang kaputian, kulay tsokolate ang buhok, matangos ang ilong at deepset ang mga mata. Elegante itong tingnan at kumilos.

Kamukha ni Tony ang ina. Wala itong namana sa amang si Anton na manilaw-nilaw ang balat at may kasingkitan.

“Ella, I’m sorry about what happened to your family. Ngayon lang namin nalaman,” malumanay na simula ni Cecille.

“Okay lang po ’yon, Tita.”

Napansin marahil ng babae na iwas siya sa

usapang iyon. “You’ll be okay, Ella. If you need our help, just let us know, or tell Fe.”

“Thank you po. Lagi nga po akong tinutulungan ni Tita Fe.”

Tumayo ito at hinawakan ang balikat niya. “We know and it’s good that you go to her.” Pagkatapos ay nagpaalam itong may kukunin.

Naiwan sila ni Tony sa sala. Tiningnan niya ang kaibigan. Parang medyo umitim ito, lumaki rin ang katawan. May maliit itong hikaw sa kaliwang tainga at may napansin din siya sa braso ng binata.

“Ano ’yang nasa kanang braso mo, Tony?” tanong niya.

Uminom ito ng orange juice bago sumagot. “Ito ba? It’s an Alibata tattoo.” Tiningnan siya nito. “Iyong old writing system ng mga Pilipino.”

Lumapit siya para mas malinaw iyong makita. Bukod sa characters ng Alibata, may dalawang pusong magkabuhol na naka-tattoo.

“Ano’ng nakasulat dito sa isang puso?” Gamit ang isang hintuturo, sinundan niya ang dalawang puso sa braso ni Tony. “Bakit dito sa isa walang nakasulat?”

Pinigilan ni Tony nang marahan ang kamay niya

at napansin niyang parehong bumilis ang kanilang paghinga.

“On the left heart is my name in Alibata. The vacant hearis for my wife’s name. Kaya wala pa.”

“Wow, ang galing!”

Napaka-romantic naman ni Tony...

Nagtinginan sila at ngumiti, parehong namula ang mga pisngi.

Bumalik si Cecille na may dalang dalawang bags.

“Ella, these are chocolates for you and your mom. And this is our graduation gift for you.” Isang sunglow-colored dress ang laman ng paper bag. “Fe told me that you graduated with honors.” Hinalikan siya ng ginang sa pisngi pagkaabot niya sa mga regalo. “Congratulations, my dear. Don’t give up on your dreams.”

“Salamat po, Tita Cecille.” Naluha si Ella dahil sa malasakit ng mga ito sa kanya.

“It’s all right, Ella. We’re always here for you.” Hinagod nito ang likod niya. “I’m going to rest now. We’ll see you when we get back from Mindanao.”

Pinahid ni Ella ang nangilid na luha, tahimik na

nakamasid sa kanya si Tony. Hinawakan ng binata ang kamay niya nang magpaalam siya.

Nang lumabas si Ella kinabukasan, nakita niyang nandoon pa ang sasakyan ng mag-anak. Hindi pa pala nakakaalis ang mga ito papuntang Davao, ang bayan ng ina ni Tony.

Bakit kaya parang ang tamlay ni Tita Cecille? saloob-loob niya.

Habang naghihintay ng jeepney na sasakyan papuntang paaralan ay napaligon siya. Nakita niyang pumasok ang ama ni Tony sa salon nila. Isinara agad ng lalaki ang pinto. Napakunot-noo siya. Wala pang alas siete ng umaga. May dalawang oras pa bago dumating si Joan. Pangabi ang pasok nito sa high school na pinapasukan niya.

“O, bakit tahimik ka?” tanong ni Mark pagdating nito sa class room nila. Wala pa ang teacher sa first subject nila.

“Ha? Wala.”

“Anong wala? Tungkol ’yan sa nanay mo, ’no?”

Matagal bago siya nagsalita. “Nakita ko kasi si Tito Anton, pumasok siya sa bahay namin kanina.

Sila lang ni Mama ang tao d'un."

Alam ni Mark kung ano ang pinupunto niya. "Ella, alam na nila ang tama at mali."

Nangilid ang luha ng dalaga. "Kaso, Mark, sa maraming tao, mas importante ang maging maligaya kesa maging tama."

Naaawa na lamang siyang tiningnan ng kaibigan.

Kinahapunan, ayaw humakbang ng mga paa ni Ella para umuwi. Natatakot siya sa dadatnan sa bahay. Pero isang masayang Joan ang sumalubong sa kanya.

"Aynaku, Carmela. Ang tagal nakipagkuwentuhan ni Tito Anton dito."

"Anong oras ka ba dumating kaninang umaga, Joan?"

"As usual, eight-thirty a.m. sakto. Nadatnan ko na nagkakape si Madir at si Uncle Anton." Ikinumpas nito ang bagong manicure na kamay. "Alam mo ba, halos dito pala sa 'Pinas nag-i-stay si Uncle Anton kahit noon pa."

"Talaga? Hindi ko alam 'yan."

“Oo, ’Te. Dinadalaw lang daw siya nina Ma’am Cecille at Tony dito. Paminsan-minsan, sumasama siya sa America. At ito pa, nakilala din pala ni Uncle Anton ang papa mo dahil lagi niyang pinupuntahan si Madir dati pa.”

Itinapat ni Joaquin ang mga kamay sa electric fan. “At ang bongga pa, tatlong buwan matapos bumalik ni Uncle Anton noon sa US, bigla daw nagpakasal sina madir and fadir mo. Parang naghihinakit nga na ni hindi daw siya inimitahan.”

Namula si Ella sa sinabi ni Joaquin na agad nitong napansin.

“Sa totoo lang, Ella, parang may something sina Uncle at Madir.”

“Huwag ka namang ganyan, Joan,” bulalas niya.

Bumawi ang kausap. “Siyempre, hindi naman nila puwedeng isakatuparan ’yun dahil pareho silang may sabit.”

“Pumasok ka na nga. Baka mahuli ka pa sa klase mo. Ako na ang magsasara ng salon.”

Magulo ang isip ni Ella habang nakatitig sa salamin ng kanyang tokador. Sabado at walang pasok,

pero hindi siya makapagpahinga. Mabigat kasi ang loob niya.

Napakabata ko pa para problemahin ang ganitong mga bagay. Ang sixteen years old, sarili dapat ang inaatupag, pag-aaral, hindi ang mga pinaggagagawa ng nanay niya, hinaing ng dalaga sa sarili.

“Sister!” anas ni Joaquin. Nakasilip pala ito sa pintuan ng silid niya.

“Bakit, Joan?” Nilapitan niya ito at pinatuloy.

“Nasa baba si Tony Boy.” Ninenerbiyos nitong itinuro ang baba. “Wala si Madir Carla kaya ikaw na lang daw.”

Natakot si Ella sa biglang pagbisita ni Tony. Mukhang hindi natuloy ang mga ito sa pag-uwi sa probinsya. Malamang ay nakita ng binata ang nangyari kahapon ng umaga. At ngayon ay sinusugod sila nito.

Baka naman inuunahan lang niya ang pangyayari.

Pero pagbaba ay nakita niya ang lalaki na tense ang katawan at pulang-pula ang mukha.

Diyos ko, tulungan mo po ako. Parang nag-aapoy si Tony sa galit, taimtim niyang dalangin.

Natakot din yata si Joaquin. “Ah, Tony, Ella, magpapa-load lang ako sa kanto,” paalam nito sabay alis.

Isinara agad ni Tony ang pinto at hinarap siya.

“Tell your mom to leave my dad alone!”

“Sabihin mo ’yan sa tatay mo! Siya ang dapat lumayo sa nanay ko!”

“Hindi magawang mabuhay ng nanay mo nang walang lalaki,” nanggigigil nitong asik. “She’s a trashy flirt! Kung hindi ka naniniwala sa akin, tanungin mo siya kung bakit siya agad na nagpakasal matapos umalis ang tatay ko noon.”

Umakyat yata sa ulo lahat ng dugo ni Ella. Isang sampal ang dumapo sa pisngi ni Tony. “Go away! Teritoryo namin ’to. Huwag mo kaming bastusin!”

“Siguraduhin mo lang, Ella, na hindi ka gagaya sa kanya.”

Iyon lang at tumalikod na si Tony para umalis.

Isinubsob ni Ella ang mukha sa unan, doon ibinuhos ang sama ng loob na matagal na niyang kinikimkim. Nagawang hukayin ni Tony ang mga

katotohanang pilit niyang iniwasan. Nakatulugan na niya ang pag-iyak. Nagising na lang siya nang maramdamang nandoon na sa kuwarto ang ina.

Kadarating lang nito ay nagpapalit na naman ito ng damit. Pula ang kulay ng pinili nitong blusa, mababa ang neckline. Black tights naman ang pang-ibaba. Kita ang cleavage at bakat ang hubog ng legs ng ina sa mga damit nitong suot. Walang lalaking hindi maaakit dito.

Nang mapansing gising na siya, nagtanong si Carla. “Bakit ba pumunta dito si Tony kanina? Ano ba’ng drama ninyo?”

Bumangon siya at naupo sa kama. “S’abi ni Tony, layuan mo daw ang tatay niya. S’abi niya, isa ka daw babae na hindi mabubuhay nang walang lalaki,” sagot niya na walang bahid ng emosyon. Pagod na siyang umiyak. “At s’abi niya, huwag daw kitang gayahin.”

Napatigil si Carla sa pagme-makeup. Humarap ito sa kanya. “Bakit, sino siya para sabihin ’yun? Nag-usap lang kami ni Anton kaninang umaga. Nandoon pa nga si Joaquin, eh.”

“Kaninang alas seis y media pumasok dito si Uncle Anton. May dalawang oras kayong libre. Kayong dalawa lang dito sa bahay,” parang robot na

usig niya.

“Inaakusahan mo ba kaming may ginawa?” Nanlilisik ang mga mata ng ina nang lingunin siya.

“Eh, ano ba, Mama, ang ginagawa ng dalawang dating may relasyon na walang bantay?” Kahit hindi sigurado ay itinodo na niya ang akusasyon. “Nagpatintero ba kayo dito? O nagluksong-tinik? O nag-tumbling?”

“Sumosobra ka na, ha! Anong dating may relasyon ang sinasabi mo diyan?” bulyaw ng ina. “Tingnan mo, tingnan mo ’yang bedsheet na inuupuan mo kung may bakas ng pagtatambling ’yan!”

“P’ano kung hindi n’yo dito ginawa?” balik niya. “Malay ko kung sa kusina, o sa banyo. O dito sa sahig... katulad ng ginagawa n’yo ni Tito Mando.”

Nanliliit na ang mga mata ng ina sa talim ng tingin nito sa kanya.

“Nang umuwi ako nang gabing iyon, nakita ko kayong dalawa dahil bukas ang pinto,” walang kurap niyang asik. “Pawis na pawis kayo. Hingal na hingal. Akala ko, naghihingalo kayong dalawa at mamamatay na. ’Yun pala, nagtatalik lang kayo dito sa sahig.” Sinalubong niya ang tingin ng ina. “Gusto mo ba, Mama, ikuwento ko pa ang mga ginawa

ninyo?”

Sinugod siya ng ina para saktan, pero hindi siya gumalaw. Nagpasampal siya nang hindi lumalaban at hindi umiiyak. Kita niya ang pagkabigla nito sa kanyang inasal.

“Walang nangyari sa amin ni Anton,” humihingal nitong saad, inaayos ang damit na nalukot. “Na-English-an ka lang ng Tony na ’yun, kung anu-ano na ang pumasok sa utak mo!”

Tahimik pa rin siya na nakatingin dito. “P’ano ako maniniwala sa ’yo, Ma, eh, puro kaligayahan mo lang ang inuuna mo? Hindi mo man lang ako binibigyan ng kahihyan.”

Tumigil sa paglalagay ng blush-on si Carla.

“Kaligayahan, kaligayahan ka diyan. Mag-boyfriend ka kasi para maintindihan mo ako.”

Nag-iba na ang tono niya. “Sige, magbo-boyfriend ako, sabihin mo lang sa akin kung ano’ng nangyari sa inyo ni Tito Anton three months bago ka ikinasal! Nag-compute ako, Mama. Nag-compute ako!” Ipinukpok ni Ella ang mga kamao sa kama. “Kaya ka ba hiniwalayan ni Papa? Dahil habang nasa barko siya, nilalandi mo naman si Tito Anton?”

Namutla si Carla. Pigil na pigil ang pagsabog ng galit nito. “Saan mo nadampot ’yang sinasabi mo? Saan!”

Akmang susugurin siya nitong muli pero natigilan nang makitang hindi pa rin siya natitinag. “Huwag na huwag mong mabanggit sa akin ulit ’yan, kahit kelan!”

Pigil na pigil ang boses nilang dalawa. Ayaw na marinig sila ng ibang tao. Hindi mapigilang humagulgol ni Ella. Isinubsob niyang muli ang mukha sa unan.

Mayamaya ay kumatok si Joaquin at sinabing naghihintay na si Mando. Lumingon si Ella at nakita ang ina na naglalagay ng napakapulang lipstick. Umalis ito nang walang paalam sa kanya. Parang balewala lang dito ang nangyari.

Kinabukasan, pinuntahan ni Ella si Fe.

“Kahapon kasi, nag-away ’yung mag-asawa dahil buong umagang nasa parlor ninyo si Anton,” simulang paliwanag ni Fe.

Naghain ito ng almusal para sa kanilang dalawa.

“May breast cancer si Cecille. Wala na siyang kaliwang suso. Napakalaki ng epekto niyon sa isang

babae. Ang pakiramdam ay hindi na siya kumpleto.”

Ipinagtimpla siya ni Fe ng *Milo*.

“Ganyan ang nararamdaman ni Cecille ngayon kaya madalas siyang magselos. Iniisip niya kasing hindi na siya maganda para kay Anton.”

Ininom agad ng dalaga ang inuming iniabot ni Fe.

“Kaya iyang si Tony, protective sa mommy niya. Intindihin mo na lang siya.”

“Sorry, Tita Fe. Hindi ko alam ang sitwasyon nila.”

Matagal na hiniwa ni Ella ang hotdogs sa pinggan niya, iniisip ang sasabihin. “Nag-compute ako dahil sa sinabi ni Joan at ni Tony. Tatlong buwan na palang buntis si Mama nang ikinasal siya.” Tiningnan ni Ella ang katiwala na parang ina-inahan niya. “Sino ba talaga ang tatay ko, Tita Fe?”

Napatigil sa pagsubo ang babae. Sa halip ay uminom ito ng tubig bago nagsalita. “Hindi ako ang dapat na tinatanong mo niyan, Ella. Si Carla dapat,” marahan nitong tugon. “At kung ayaw niyang sabihin sa ’yo, huwag mo nang pilitin.”

“Ibig sabihin, talagang may nangyari sa kanila ni Tito Anton?”

Tumahimik si Fe. “Nakaraan na iyon, Ella. Okay na silang mag-asawa. At mahal ka nina Cecille at Tony.”

“Baka alam nila na anak ako ni Tito Anton.”

Tinimbang ni Fe ang isasagot. “May hinala sila, pero ayaw magsalita ni Anton.”

“Ibig sabihin, Tita Fe, puwedeng kapatid ko si Tony?”

Tumango ito at nanlumo siya.

Hinawakan ni Fe ang kamay niya. “Ella, kung anuman ang nagawa ng nanay mo, huwag mong hayaang madamay ka. Ang importante ay maging maayos ang kinabukasan mo.”

Malungkot siyang tumango at pinilit ang sarili na kumain.

Sa kabila ng payo ni Fe, hindi makakain at makatulog si Ella dahil sa mga natuklasan. Naalarma sina Joaquin at Mark sa epekto niyon sa kanyang katawan. Hindi maiwasang magkomento ng dalawa pero tahimik lang si Ella. Pinilit niyang tanggapin ang hindi niya kayang baguhin.

“Hoy, Mark, mali na ang kulay ng pinturang ibinibigay mo sa 'kin,” reklamo ni Ella habang bumababa sa pinagpatong-patong na mga upuan.

Tiningnang maigi ni Mark ang dingding at halatang napansin nito ang pagkakaiba ng shade.

“S’abi ko naman sa ’yo, tingnan mo ang ratio ng mini-mix mo, eh.”

Napakamot ito. “Napaka-demanding mo kasi. Natataranta ako sa ’yo.”

Binuksan niya nang todo ang mga bintana at pinto ng parlor para lumabas ang amoy. Napansin niyang naka-park na sa garahe ang sasakyan ng pamilya Verdado.

Napabuntong-hininga siya.

Tapos na ang nararamdaman ko sa ’yo, Tony, bulong niya sa hangin.

Pumanhik ulit si Ella sa mga upuang ginawang hagdan at nang nasa tuktok na ay naramdaman ang paggawang ng tinutuntungan.

“M-Mark,” kabadong tawag niya sa kaibigan. Guguhong ang tinutuntungan niya.” Bahagya niyang nilingon ang lalaki at nalamang wala ito roon. Natanaw niya sa kusina ang tinawag, umiinom ng

tubig.

“Mark!” malakas nang sigaw niya bago tuluyang bumigay ang kinatatayuan.

Sabay-sabay na nagbagsakan ang mga magkakapatong na bangko, kasama siya. Pero bago pa siya tuluyang nahulog ay nasalo na siya nang nagmamadaling si Mark.

Nagkatinginan sila, nagkaunawaan ang mga mahilig magbirong isip bago sabay na sumigaw. “Mabuhay ang bagong kasal!”

Sabay rin silang humalakhak at sa katuwaan ay idinampi niya ang paint brush sa pisngi ni Mark. Nagkaroon ito ng kulay dilaw na puso sa mukha.

Imbis na gumanti ay umikot ang binata habang karga-karga pa rin siya.

“Excuse me, I’m sorry...”

Sabay silang napalingon sa pinto.

Nakita pa niya ang ngiti ni Tony bago iyon tuluyang napalis. Namula siya habang nasa mga bisig pa rin ng kaibigan.

“Hi, Dude,” bati ni Tony kay Mark at siya naman ang tiningnan. “Fruits from Davao, Ella.” Inilapag

lang nito ang kahon ng prutas sa sahig at mabilis nang umalis.

“Dude’ daw ako, Ella. English-speaking pala ’yung crush mo?”

“Ha? Crush ko? Hindi, ah.”

Tiningnan siya ni Mark. Tila di ito makatiyak kung manunukso pa o malulungkot sa natuklasan.

Kinagabihan ay dumalaw sina Ella at Joaquin sa green house. Pabalik na ng Amerika ang mag-anak sa susunod na araw.

Nadatnan nilang nagbababa na ang mag-ama ng mga bagahe. Si Cecille ay nasa sofa inaayos ang camera na lagi nitong bitbit. Professional photographer ang ginang. Siguro mula nang magkasakit ay medyo natigil ang hobby nitong iyon. Nagkakulay na ang ginang. Mukhang nakabuti rito ang pagtigil sa Pilipinas at pag-uwi sa probinsya.

Medyo nangitim din sina Anton at Tony.

Nagkatinginan sina Ella at Tony pero mabilis ding nag-iwasan.

“Nag-surfing kasi kami sa Siargao,” paliwanag

ni Cecille nang pansinin niya ang kulay ng mga ito. “It’s a beautiful island. World-class ang waves d’un.”

Iniladlad ni Ella ang regalong tinapos nila ni Joan para kay Mrs. Verdado. Nakita nito ang cross-stitch ng isang magandang babaeng napapalibutan ng mga anghel. Sa ilalim niyon ay ang mensaheng *Trust God’s Heart*.

Nangilid ang luha ni Cecille. “The message is God’s answer to my prayers. Thank you, Ella, Joan.”

Masaya silang ngumiti ng kaibigan, natutuwa dahil na-appreciate ng ginang ang kanilang pinaghirapan.

“Nasaan po pala si Tita Fe?” tanong ni Ella.

“Nagpaalam siya, may sasaglitin lang daw sa kapatid niya. Tingnan mo sa kusina. Baka nakabalik na iyon,” sagot ng ginang.

Sa kusina, nabigla si Ella nang pagharap ay makitang nasa likuran niya si Tony. Wala roon ang katiwala.

“Salamat sa mga prutas na dala mo, Tony.”

“You’re welcome. Si Mommy talaga ang nagpabigay n’un.” May katagalan bago ito nagpatuloy. “Hey, Ella, I hope your boyfriend’s not mad about my

surprise visit this afternoon.”

“Ha? Sinong boyfriend?” gulat niyang tanong bago nahulaan ang sinasabi nito. “Ah, hindi Tony. Gusto nga kitang ipakilala kay Mark kaya lang umalis ka kaagad.”

“Ah. So he’s really your boyfriend.” Bahagyang nag-iba ang tono ng lalaki. “Nga pala, sorry din sa ginawa ko bago kami nagbakasyon. Hindi ko dapat ginawa iyon. Dapat talaga si Dad ang kinausap ko.”

Nakita niyang seryoso ito sa paghingi ng tawad. “Okay lang. Naiintindihan kita. Sana pagbalik mo dito, magkaibigan pa rin tayo.”

“Of course. You’re like a sister to me, you know that.”

Nabigla silang pareho sa sagot ni Tony. Walang nakaimik sa kanila pagkatapos niyon. Ramdam niyang may kumirod sa kanyang puso. Napakagat-labi naman ito at itinutok ang paningin sa sahig.

Malalim na ang gabi nang magpaalam sila.

Tumayo si Cecille at niyakap sila ni Joan. “I will see you again. Take care of yourselves.”

Hindi niya mapigilan ang mapaluha. “Hihintayin namin kayo dito, Tita.”

Si Anton ay tiningnan nang matagal si Ella bago niyakap. Pagkatapos ay binalingan nito si Joan at tinapik sa balikat. “O, Joaquin, ikaw na ang bahala kay Ella.”

“Ay, opo, Sir. Lagi po.”

Tumigil si Tony sa pag-aayos. Kinamayan nito si Joaquin at niyakap siya. Nang maglapat ang kanilang mga katawan, naroon pa rin ang kakaibang pakiramdam na hatid niyon. Tila ba nadama rin iyon ng lalaki, mabilis siya nitong binitawan. Sandali silang nagkatinginan bago tuluyang nagpaalam sa isa’t isa.

Buong gabing hindi nakatulog si Ella.

May napukaw na damdamin si Tony sa kanyang pagkatao at alam niyang bawal iyon.

Hindi na sapat ang kita ng parlor sa gastos nila. Summer vacation, pagkatapos ng high school graduation, niyaya niya si Mark na kumuha ng maikling computer course sa *TESDA*, ang technical school ng gobyerno.

Magtatayo siya ng maliit na computer shop, kahit tatlong PC lang ang mailagay niya sa loob ng beauty

parlor para madagdagan ang kita niyon kahit paano.

Nagtitinda rin sila ng barbecue tuwing hapon. Ang mga kabarangay nilang nagpapahangin sa labas ng bahay ang naging suki nila. Halos hindi na rin umuwi si Mark, masaya itong tumutulong sa kanila ni Joaquin.

“Mark Reyes, ’yung nanay mo nag-text sa akin. Pauwiin na daw kita.”

“Anong nanay? Niloloko mo na naman ako.”

Tinawanan lang niya ang kaibigan. Ang lola ni Mark ang nag-aalaga rito. Ang mga magulang at nag-iisang kapatid nito ay nasa Dubai, pinili nitong maiwan sa Pilipinas para makapagtapos ng pag-aaral, at nang may makasama rin umano ang abuela.

“Nood naman tayo ng sine, Ella,” minsan ay yaya ni Mark pagkatapos ng klase nila sa *TESDA*. “Maganda raw ang *Summer Love*.”

“Love story kaya ’yun. Kalalaki mong tao, gusto mo ng gan’ung pelikula.”

“Pambihira ka. Minsan lang akong magyaya, mang-aasar ka pa.”

“Ayaw kong manood ng sine. Baka sabihin ng tao, magnobyong tayo.”

“Siguro naiisip mo na naman ’yung Tony na ’yun kaya ayaw mo.”

Napakamot siya sa leeg. Totoo ang sinabi nito pero...

“Ano naman ang kinalalaman ni Tony sa usapan natin?”

“Kung wala siyang kinalalaman, bakit hindi mo ako mapansin? Lagi akong nandito, pero iba pa rin ang gusto mo. Bakit di mo ako bigyan ng pagkakataon?”

Sinagot ni Ella sa isip si Mark. *Hindi ko din alam kung bakit. May sariling dahilan ang puso.*

Tiningnan niya ang kaibigan. Ayaw niya itong magtampo sa kanya. “Hoy, Mark Andrew Reyes, huwag mo akong susumbatan. Una, hindi ka nanliligaw sa akin. Pangalawa, hindi tayo mag-boyfriend. Pangatlo... alam mong wala akong hilig sa sine. Palibhasa hindi mo kailangang magtipid.”

Nang makita niyang nalungkot ang kaibigan ay siniko niya ito. “Sige na nga... Ang drama! Manood na tayo ng *Summer Love*.”

Noon lang nakita ni Ella na ganon kasaya si

Mark. Hinayaan niya itong akbayan siya sa loob ng sinehan. Kumain sila ng popcorn at uminom ng coke. Nag-enjoy sila nang husto.

Isang umagang pagod at puyat si Ella ay nagising siya. May nambabato sa kanilang kuwarto. Hindi iyon tumigil hanggang sa nabasag na ang kanilang bintana.

Mayamaya ay narinig niya ang sigaw ng ina. “Hoy! Itigil mo ’yang pambabato mo! Sino ka ba?”

Doon nagsimula ang sigawan ng asawa ni Mando at ng nanay niya. Nalaman ng buong barangay na ang perang ipinadadala ng asawa ni Mando galing Canada ay napupunta kay Carla.

“Kaya pala kahit hindi ka magtrabaho, may sustento ka,” tahimik na usig niya sa ina.

Nagngingitngit sa galit at hiya si Ella. Ni hindi niya winalis ang mga nabasag na kapis. Matapos awatin ng mga barangay officials ang away, narinig ni Ella ang mabibigat na yabag ng ina. Pagbukas ng pinto ay nagtitigan silang mag-ina. Gulung-gulo ang buhok nito, duguan ang mukha at braso dahil sa maraming kalmot at sugat.

“O, ano? Hindi mo man lang ba tutulungan ang nanay mo?”

“Kaya mo ’yan, Ma. Sobrang ligaya ka naman kay Mando, di ba?”

Hindi na niya hinintay ang reaksiyon ng ina. Mabilis siyang lumipat sa green house, kay Fe.

Makalipas ang tatlong buwan, isang Robin naman ang naabutan niyang nagkakape sa parlor. Isa ito sa mga barangay tanod na umawat sa away noon. Matipuno ang katawan ng lalaki at kamukha ni Jericho Rosales. Maraming babae ang naghahabol dito.

Sorry na lang kayo, panalo ang nanay ko, sarkastikong naisip ni Ella.

3

Hinayaan ni Ella ang ina kung saan ito masaya at isinubsob na lang ang sarili sa pag-aaral. Pagkatapos ng isang taon, nakakuha siya ng scholarship. Si Mark ay parang alon na nakikisabay sa daloy ng buhay niya. Kung ano ang kurso niya ay iyon din ang kinuha nito. Sa lahat halos ng subjects ay kaklase niya ito.

Awa ng Diyos ay nakatapos siya sa college. Pagka-graduate, halos isang buwang may matinding ubo at sipon siya. Ang sinabi ng doktor, dahil daw iyon sa stress na pinagdaanan niya sa mahabang panahon. Hindi siya kaagad nakahanap ng trabaho. Ang mga kumukuha naman sa kanya ay malayo sa bahay nila.

“Bakit ayaw mo dito sa office namin?” tanong ni Mark nang minsang tawagan siya sa cellphone.

“Ang layo ng Taguig sa amin, Mark. ”Tsaka ayaw kong iwan si Mama. Walang magbabantay sa kanya.”

Napikon ang binata sa sinabi niya. “Baka nga tumino pa ang nanay mo pag hindi ka na nakikita.”

“Pasensya na, Mark.”

Pilit pa rin siya nitong kinumbinsi. “Maganda

ang susunod na project dito, Ella. Puwede ka namang umupa sa malapit. May officemate akong puwede mong makasama.”

“Tingnan na lang natin. Kung sa loob ng dalawang linggo ay wala pa akong mahanap, tatanggapin ko na ang offer.”

Ilang araw matapos ang tawag na iyon ay dumating si Mark sa bahay nila para bumisita.

“Ang lamlam pa rin ng mga mata mo,” puna nito.

“Napagod lang kami.” Si Joaquin ang sumagot. “Tumulong kasi kaming ayusin ‘yung green house,” paliwanag ni Ella.

“Bakit?” Napatingin si Mark sa kanya.

“Padating ngayon sina Uncle Anton. Wait mo lang ang chocolates. Huwag ka munang aalis,” ani Joan.

Huminto ang airport van sa harap ng green gate. Katulad ng dati, mabilis na lumakad si Anton papalapit kina Ella. Sabik itong makita sila. Limang taon na ang nakararaan nang huling magbakasyon ang mga ito. Katulad din ng dati, napahinto ito nang makita si Robin. Nang maipakilala ay kinamayan nito ang lalaki at tinapik ang balikat ni Carla.

Tumayo si Anton sa harap niya. Tiningnan siya nitong mabuti bago niyakap. “You’ve grown lovelier, Ella,” sabi nito, at tumingin kay Mark. “This must be the lucky guy.” Kinamayan nito ang binata.

Niyaya sila ni Anton sa green house. Pagpasok sa gate ay nakita niyang buhat ni Tony ang mga bagahe palabas ng van. May kasama itong isang babaeng blonde na halos kasing-tangkad niya. May dala-dalahan din ito.

“Ella!” tawag ng ginang, na ikinalingon ni Tony sa direksyon niya. Niyakap siya ni Cecille. Niyakap din nito si Mark.

Naluha si Ella sa muli nilang pagkikita. Malusog na ang nakatatandang babae at mas masaya na ang aura.

“Hey, Ella. Hi, Dude!” pasigaw na bati ni Tony sa kanila.

Kumaway at ngumiti rin ang babaeng blonde sa kanila. “Hi, guys!”

“Hi!” sabay na sabay na sabi nila ni Mark. Nagtinginan sila at nagtawanan.

Natawa rin si Cecille.

Tumulong magbuhat ng bagahe sina Mark at

Joaquin. Si Ella ay tumulong kay Fe na maghanda ng merienda.

Napansin ni Ella na lumabas ang blonde mula sa kuwarto ni Tony. Umupo ito sa tabi ng binata.

Sayang lang pala ang pag-aayos namin sa guest room, aniya sa sarili.

“This is Jill Watson. She’s Tony’s girlfriend,” pagpapakilala ni Anton sa babaeng may bughaw na mga mata at maikling dilaw na buhok.

Kumirot ang puso ni Ella. “Glad to meet you, Jill.” Pilit na pinasaya ni Ella ang boses. Hindi niya tiningnan si Tony.

“O, Ella, ipakilala mo naman itong boyfriend mo,” untag ni Anton na tinapik-tapik pa ang likod ni Mark.

“Ha? Boyfriend ni Ella?” bulalas ni Joan.

Napahalakhak si Cecille dahil sa pagkabigla ni Joaquin. “Napansin ko lang, Anton, parang nababasa nina Mark at Ella ang isip ng isa’t isa,” komento nito sa asawa.

Nagkatinginan sila ni Mark. Napansin iyon ni Tony at inakbayan nito ang nobya.

“Talaga? How old are you, Mark?” baling ni Anton dito.

“Pareho po kaming twenty-one ni Ella.”

“Oh, Tony,” tumingin si Cecille sa anak, “your dad and I were twenty-one when we got married.”

“Ay, bongga, Ma’am Cecille,” singit ni Joaquin. “Are they getting married na ba?”

Tumawa si Anton. “I hope so. They’re both twenty-seven, anyway. Old enough to have a five-year old son. Just like us, right, Cecille?”

Tumangong nakangiti si Cecille. Kinindatan naman ni Anton si Jill.

“Don’t look at me, Anton,” ani Jill na nakatingin kay Tony. “I’m just supposed to wait.”

Tumingin si Tony sa katabi. “It will happen.”

Nakangiting nagtinginan ang mag-asawa.

“So, the three of you ready for Boracay?” tanong ng ginang.

Tumili si Joaquin. “Boracay! Madam, I was born ready,” biro nito.

“Thank you, Ma’am. I’ve just started working.

Hindi pa po ako puwedeng mag-leave,” magalang na tanggi ni Mark.

“Ikaw, Ella, nagtatrabaho ka na rin ba?”

“Hindi pa po, Tita Cecille. Nagkasakit kasi ako right after graduation. Ngayon pa lang ako nag-apply.”

“Actually, this Boracay vacation is our graduation gift to you. And a thank-you gift also for helping Fe with the renovation,” paliwanag ni Anton. “You can rest in Boracay. Kahit matulog ka lang at kumain doon, we won’t mind.”

Bahagyang nagtama ang paningin nina Ella at Tony. Naisip ni Ella na ito ang magandang paraan para makasama niya ang hinihinalang kapatid.

“Thank you po. Maganda nga pong sumama kami ni Joaquin sa Boracay.” Humilig siya sa best friend saka nagsabing, “Pasasalubungan na lang kita, Mark.”

Nagkatawanan sila.